# MISYONG PAHAYAG

**Upang bigyang kapangyarihan ang mga tao mula sa iba't ibang komunidad na magtagumpay at makamit ang kanilang buong kakayahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon, trabaho at panlipunan.**

# LAYUNIN

Isang masagana at inklusibong Canada na nakabatay sa tagumpay ng bawat indibidwal.

# MGA KAHALAGAHAN

**Pamumuno**

- Naninindigan kami at kumikilos para sa positibong pagbabago sa aming komunidad.

**Pagkakaiba-iba**

- Pinahahalagahan namin at iginagalang ang pagkakaiba-iba at ang kakaibang mga kontribusyon ng bawat tao.

**Pagbibigay-kapangyarihan**

- Kinikilala namin ang potensyal ng bawat tao at pinangangasiwaan ang kanilang pag-unlad at sariling kasapatan.

**Pagkahabag**

- Sinusuportahan namin at inaalagaan ang bawat isa.

**Kahusayan**

- Nakatuon kami sa mataas na pamantayan sa lahat ng aming ginagawa.

**Pagbabago**

- Tinatanggap namin ang pagbabago, sinusuportahan ang patuloy na pag-unlad at hinihikayat ang mga bagong solusyon.

**Pananagutan**

- Ginagawa namin ang sinasabi naming gagawin namin.

# TUNGKOL SA COSTI

Tumutugon sa mga pangangailangan ng nagkakaibang lipunan simula noong 1952, ang **COSTI Immigrant Services** ay ahensiyang maramihang kultura na nakabatay sa komunidad na nagbibigay ng trabaho, edukasyon, tirahan at mga panlipunang serbisyo sa lahat ng mga imigranteng komunidad, mga bagong taga-Canada at mga indibidwal na nangangailangan ng tulong.

Sinisikap ng COSTI na maging lider sa serbisyo sa komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng nakatuon sa kliyente, masigasig, at makabagong pamamaraan sa pagpaplano, pagbuo at paghahatid ng mga serbisyo. Tinitiyak ng aming mga programa na kahit may mga hadlang sa wika o kultura, ang mga taong dumarating sa Canada ay makakakuha ng impormasyon, magagamit ang kanilang mga umiiral na kakayahan at matututo ng mga bago na magpapabilis sa kanilang kakayahan nang malawakan at malalim na makasabay sa lahat ng aspekto ng lipunan ng Canada.

Nagtatrabaho mula sa 18 lokasyon sa Toronto, Rehiyon ng York at Rehiyon ng Peel, ang COSTI ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mahigit 60 wika. Tinutulungan namin ang mahigit sa 39,000 indibidwal na tumanggap ng tulong.

Kabilang sa mga serbisyo at programa:

- Mga espesyalisadong serbisyo sa pagtatrabaho para sa mga taga iba't ibang bansang sinanay na indibidwal, gayundin ang impormasyon at pagsangguni sa angkop na mga serbsiyo, pagtatasa sa trabaho at pagpapayo, pagbibigay ng mga trabaho, pagsasanay sa paghahanap ng trabaho at pagbuo ng trabaho para sa mga adulto at kabataan.
- Wikang Ingles (ESL at LINC), mga pagsasanay sa kakayahan at Enhanced Language Training (ELT) na mga programa.
- Mga serbisyo sa pabahay kabilang ang oryentasyon, impormasyon, pagpapayo at pangkulturang interpretasyon para sa kadarating lamang na mga imigrante.
- Tulong pagkatapos bigyan ng pabahay para sa mga naninirahang imigrante na patuloy na nangangailangan ng mga serbisyong panlipunan at pampamahalaan.
- Mga tulong sa pabahay at paninirahan para sa mga Takas na Tinutulungan ng Pamahalaan, Mga Takas na Naghahabol at Mga Takas na Pribadong Iniisponsoran.
- Mga serbisyo sa pagpapayo ng pamilya at kalusugang pangkaisipan.

- Suporta sa pabahay para sa mga pamilyang kinakaharap ang pagpapalayas, o sa mga taong hindi maayos ang kondisyon ng paninirahan.
- Tulong para sa mga imigranteng kababaihan para malabanan ang mga balakid sa kanilang buhay at upang makakuha ng mga oportunidad.
- Mga serbisyong tiyak na tumutugon sa mga matatanda upang tulungan silang gabayan sa kasiya-siya at may dignidad na buhay.
- Mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon.

# ISINASAGAWANG KASAYSAYAN

Simula noong 1952 ang COSTI ay nariyan na para sa mga taong nangangailangan. Dahil sa mga pangangailangan ng kamakailang mga imigrante sa Toronto, COSTI (ang dating Italian Immigrant Aid Society) ay itinatag noong 1952. Sa mahigit na ilang dekada ang lungsod ay nagbago, at gayundin ang mga tugon ng COSTI.

Ang COSTI ay nagbuhat sa pagsasama ng dalawang pangunahing ahensiya ng serbisyo noong 1981, COSTI (ang dating Centro Organizzativo Scuole Tecniche Italiane) at ang IIAS (Italian Immigrant Aid Society), ang bawat isa ay may malawak at ipinagmamalaking kasaysayan ng serbisyo sa komunidad ng imigrante.

Ang COSTI ay isang organisasyon na maraming kultura na laging nag-aalok ng maraming mga serbisyo at mga oportunidad na nagmumula sa kanya-kanyang mga pangangailangan sa komunidad. Mayroon itong matibay na suporta mula sa malawak at labis na iba't ibang konstituwensiya sa Toronto at Mga Rehiyon ng Peel at York. Ang COSTI ay naging organisasyon na gaya nito ngayon dahil ang mga boluntaryong lider at maaasahang mga tauhan nito ay nagtrabaho nang may matibay na pangako upang magkaroon ng pagbabago.

## Ang mga taong 1950 –Pagtatatag ng Tradisyon sa Pagtulong sa Iba

Nabuo noong 1952, ang IIAS ay nabuo bilang isang organisasyon na ang pangunahing layunin ay maglaan sa mga bagong dating na mga Italyano ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Sa pakikipag-ugnayan sa mga imigrante sa Union Station sa Toronto, tinutulungan sila ng mga manggagawa ng IIAS sa pabahay at trabaho, at susundan ito ng oryentasyon at pagpapayo upang tulungan ang mga bagong dating na ito na maging mas komportable sa kanilang bagong bansa.

## Ang mga taong 1960 – Pagpapatibay ng Ugnayan sa Komunidad

Sampung taon pagkatapos, noong 1962, ang COSTI ay itinatag upang tulungan ang kamakailang mga imigrante na kumuha ng propesyonal na mga kwalipikasyon na kinakailangan upang magsagawa ng kanilang pakikipagkalakalan sa Canada. Sa panahon ng mga unang araw ng operasyon nito, ang mga programa ng COSTI ay matatagpuan sa basement ng simbahan sa Toronto, at nang maglaon ay lumipat sa lumang hindi nagamit na mansyon sa 136 Beverley Street.

Upang ihanda ang mga imigrante para sa pagsusulit sa lisensya sa wikang Ingles na kailangan nilang ipasa upang makapagtrabaho sa Canada, ang mga manggagawa ng COSTI ay nagsaayos ng mga programa sa pagtuturo ng wikang Ingles. Habang dumadami ang bilang ng kliyente, napag-alaman na hindi lamang para sa bokasyonal na pagpapayo ang pangangailangan, ngunit para sa pangkalahatan at pagpapayo rin sa pamilya.

Hindi kalaunan, mas lumawak pa ang mga programa ng COSTI kasya sa mga pasilidiad nito at ang organisasyon ay nagsimulang magtrabaho sa pakikipagtulungan sa iba't ibang teknikal na mga sentro sa lugar. Noong 1966, ang Workers' Compensation Board (na kilala ngayon bilang Workplace Safety and Insurance Board) ay kumontrata sa COSTI upang simulan ang programa upang pangalagaan ang mga napinsalang manggagawa. Ang programang ito ay lubos na lumawak, na nakakaapekto sa mga buhay ng hindi mabilang na mga napinsalang manggagawa sa mahigit ilang taon.

## Ang mga taong 1960 – Sa Pagpapatuloy

Sa pagtatapos ng mga taong 1960, ang ahensiya ay nagbukas ng mga opisina ng pagpapayo sa buong Toronto, Hamilton, at suburban North York. Nasa ganito ring panahon nang ang COSTI ay maging miyebro ng ahensiyang United Way, at magsimulang palawakin ang mga serbisyo nito sa mga imigrante mula sa iba't ibang bansa bilang karagdagan para sa mga nagmula sa Italya.

## Ang mga taong 1970 – Maramihang Kultura

Noong mga panahon ng 1970, ang mga serbisyo ng COSTI ay lumawak na namang muli upang ibilang ang mga tulong sa mga takas papuntang Canada. Sa pagkilala sa mabibigat na pangangailangan para sa maraming Vietnamese "mga taong bangka" upang kumpirmahin ang kanilang tunay na antas ng edukasyon, ang COSTI ay bumuo ng pagsusulit at proseso ng sertipikasyon kasama ang George Brown College, ang unang programa na may ganitong uri sa Canada.

## Ang mga taong 1980 – Ang Pinagsamang Layunin

Kinikilala ang pagkakatulad ng mga layunin at trabaho ng IIAS at ng COSTI, ang mga negosasyon ay pinasimulan noong 1980 upang pagsamahin ang dalawang ahensya. Noong Enero 24, 1981, ang layunin nito ay nakamit at ang mga organisasyon ay nagsama sa ilalim ng opisyal na pangalan na COSTI-IIAS Immigrant Services.

## Ang mga Taong 1990 –Pagtanggal sa Mga Balakid

Ang COSTI ay nakaranas ng kahanga-hangang panahon ng paglago at pag-unlad noong mga panahon ng 1990. May pagtutuon sa pagtugon sa mga pangangailangan ng Mga Pandaigdig na Sinanay na Mga Propesyonal, ang COSTI ay naging mahalaga sa pamumuno sa komunidad, sa pamamagitan ng pagbuo ng kakaibang mga modelo ng paghahatid ng serbisyo na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na dumarating sa Canada na may pandaigdig na karanasan sa pagtatrabaho. Itinatag noong 1997 at ang kauna-unahan sa uri nito, ang Sentro ng COSTI para sa Mga Pandaigdig na Sinanay na Mga Propesyonal ay nagbigay sa mga propesyonal ng matinding aktuwal na karanasan sa lugar ng trabaho sa loob ng kanilang karanasan ng kadalubhasaan.

## Ang mga Taong 2000 – COSTI at ang Komunidad

Ang pakikipagtutulungan at pakikipagsosyo ng COSTI sa komunidad ay tunay na lumago noong mga taong 2,000. Ang organisasyon ay nanguna at nagsaayos ng unang African Canadian Council noong 2001, kung saan pinagsama-sama ang 51 na mga organisasyong nagsisilbi sa mga Aprikano at mga miyembro ng komunidad sa isang komperensiya upang talakayin ang pangangailangan sa pagpaplano at mas malaking koordinasyon ng mga serbisyo sa lumalaking komunidad. Ang resulta ng komperensiya ay ang paglikha ng African Canadian Social Development Council, na ang kautusan ay iugma ang mga serbisyo, magbigay ng pagsasanay at magtaguyod para sa mas natutugunang pampublikong patakaran. Ang COSTI ay tumugon bilang tagapangasiwa nito.

Noong 2007, kasama ang apat na iba pang kasosyong organisasyon, ang modelo ng pagsososyo na Welcome Centre Immigrant Services ay nabuo. Nanguna ang COSTI sa kauna-unahang opisina sa Vaughan. Apat pang lokasyon ang binuksan pagkaraan ng isang taon, ang bawat isa ay pinangunahan ng isa sa apat na iba pang mga kasosyo. Isang opisina na nag-aalok ng maraming serbisyo sa York Region, Welcome Centre Immigrant Services Centres ang dinisenyo upang direktang tugunan ang mga pangangailangan sa paninirahan ng mga bagong dating. Bilang karagdagan, sa pagkilala sa lumalagong pangangailangan para sa indibidwal at grupong pagpapayo sa mga komunidad na nagsasalita ng Portuges at Espanyol, pinalawak ng COSTI ang mga serbisyo nito sa pamilya at kalusugang pangkaisipan para sa mga komunidad nito noong 2008.

## Ang Kasalukuyan –Pagpapabilis sa Pakikilahok

Ngayon ay kilala bilang COSTI Immigrant Services, ang organisasyon ay nagpalawak sa punto na ang taunang natutulungan nito ay mahigit 39,000 tao mula sa bawat sulok ng daigdig. Habang ang pangunahing puntiryang grupo nito ay ang mga kadarating na mga imigrante, ang mga programa ng COSTI ay nagpalawak upang mag-alok ng mga serbsiyo para sa lahat ng mga may kahinaang matatanda, kabataan, at kababaihan.

Sa pamamagitan ng mahigit 400 na tauhan, na sama-samang bihasa sa pagsasalita ng mahigit sa 60 iba’t ibang wika, may kakayahan ang COSTI na tulungan ang iba’t ibang komunidad upang maghatid ng positibong pagbabago.

Ang pagsasama-sama at pagsososyo ng COSTI sa mga komunidad ay nagpatuloy sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga programang saklaw ang probinsya katulad ng Orientation to Ontario Program, na itinatag noong 2011, at International Student Connect at ang Neighbours, Friends and Families na kampanya sa pampublikong edukasyon upang dagdagan ang kamalayan sa mga palatandaan ng pang-aabuso sa kababaihan.

Patuloy na nagsisikap ang COSTI na maging lider sa serbisyo ng komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng nakatuon sa kliyente, masigla, at makabagong pamamaraan sa pagpaplano, pagbuo, at paghahatid ng mga serbisyo. Tinitiyak ng mga programang ito na anuman ang wika o mga hadlang sa kultura, ay magagamit ng mga dumarating na tao sa Canada ang kanilang mga umiiral na kakayahan, matututo ng mga bago, at aktibong makikibahagi sa lahat ng aspekto ng buhay sa Canada.

## Ang Pagtatrabaho Namin Kasama ang Mga Takas at Tugon sa Krisis ng Canada sa Takas na Siryano

Bilang isang organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga imigrante, takas, at mga komunidad na tinitirhan nila, ang COSTI ay malalim na sangkot sa pagtugon sa pangmalawakang pagkuha ng takas na mga Siryano sa Canada, at lalong higit sa Kalakhang Lugar ng Toronto, ito ay tumutulong sa Canada na kupkupin ang mahigit 2,200 takas na mga Siryano simula 2016. Katulad ng lahat na piniling manirahan sa Canada, masikap kaming nagtatrabaho upang tiyakin na ang mga bagong mamamayan ng Canada ay umaangkop sa kanilang komunidad at nakakamit ang tagumpay.

Ngayon, patuloy na nagtatrabaho ang COSTI kasama ang mga Takas na Tinulungan ng Pamahalaan, Mga Takas na Pribadong Inisponsoran at Mga Naghahabol na Takas, na tinitiyak na ang mga suporta at serbisyo ay naibibigay ay nagpapabilis sa kanilang pakikibahagi sa kanilang lokal na komunidad at bagong bansa.